

Oktubre 14, 2016

TAPOS NA ANG RANDOM LOTTERY NA PAGPILI SA SITE BASED NA WAITLIST

Noong Hunyo 22, 2016, nagbukas ang Housing Authority ng Lungsod ng Alameda ng 7 Site-Based na wait list. Tumanggap ng mga aplikasyon online mula Hunyo 22, 2016 nang 10:00 a.m., PST hanggang Hunyo 27, 2016 nang 9:59 a.m., PST.

Naisagawa na namin ang proseso ng random lottery na pagpili sa waitlist at na-post na namin ang mga resulta ng aplikasyon.

Kung nagsumite ka ng aplikasyon sa loob ng panahon na iyon at naghihintay ka ng mga resulta, mangyaring pumunta sa www.waitlistcheck.com at tingnan ang iyong status. Upang matingnan ang iyong status, dapat mong gawin ang mga sumusunod:

- Mag-log in gamit ang iyong username at password. (Ang User ID ay maaaring E-mail Address, Numero ng Telepono o Taon ng kapanganakan mo).
- Kung nakalimutan mo ang iyong password o social security, may lugar sa website kung saan mare-reset mo ang iyong impormasyon sa pamamagitan ng pagsagot sa ilang tanong na panseguridad.
- Pumunta sa mga aplikasyon at ilagay ang impormasyon mo sa paghahanap at pindutin ang button na hanapin.

Kung nakatanggap ka ng mensahe ng status na ACTIVE, nangangahulugan itong napili ka sa proseso ng random na pagpili, at ilalagay ang iyong pangalan sa partikular na waitlist kung saan ka nag-apply. Hindi mo kailangang makipag-ugnayan sa Housing Authority sa panahong ito.

Kami ang makikipag-ugnayan sa iyo kapag nanguna ang iyong pangalan sa waitlist at para sa mga magiging bakante sa hinaharap.

Kung nakatanggap ka ng mensahe ng status na INACTIVE, nangangahulugan itong hindi ka napili sa proseso ng random na pagpili, at kakailanganin mong muling mag-apply kapag binuksan ng Housing Authority ang aming waitlist sa hinaharap.

Pakitandaan: Kung hindi ka mapipili sa proseso, mangyaring huwag nang makipag-ugnayan sa Ahensya dahil hindi makakagawa ng anumang pagbabago ang mga tauhan sa kinalabasan ng proseso ng random na pagpili.